
3

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1

## Uri ng Pamumuhay ng Mamamayan at ang Kaugnayan nito sa Kapaligiran



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan– Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Kwarter 4 – Modyul 1: Uri ng Pamumuhay ng Mamamayan at ang Kaugnayan nito sa Kapaligiran**
**UnangEdisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon paman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga taga paglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot saKagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Suzette A. Cambalon

**Editors:** Adelma D. Cudera, Ave B. Espiritu, Anita S. Tampus

**Tagasuri:** Archie E. Aňo, John B. Visillas, Jennie T. Calamba, Bryan Ephraim E. Miguel

**Tagaguhit:** Cris A. Aquino, Khristely V. Ang, Aiza Lou A. Bernaldez, Cherie Mae Caduyac, Eduardo Jr. A. Eroy, Marvin N. Linogao ,Jules Bernard Guinita, Edieson John C. Mag-aso, Sharon C.Marimon, , Ryan Padillos, Nylle Ernand D. Silayan

**Tagalapat:** Alpha Amor G. Manglicmot, Patrick John P. Peresores

**Tagapamahala:**
Evelyn R. Fetalvero
Janette G. Veloso
Analiza C. Almazan
Danilo R. Dohinog
Ma. Cielo D. Estrada
Nelson C. Lopez
Cheerylyn A.Cometa
Christopher P. Felipe
Liza Leonora D. Dacillo
Alicia I. Ayuste

**InilimbagsaPilipinas ng**________________________

**Department of Education – RegionXI**
Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

# 3

# Araling Panlipunan

## Ika-apat na Markahan – Modyul 1

## Uri ng Pamumuhay ng Mamamayan at ang Kaugnayan nito sa Kapaligiran

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

**Para sa taga pagdaloy**:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan-Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Uri ng Pamumuhay ng Mamamayan at ang Kaugnayan nito sa Kapaligiran**!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaralang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayanang pansarili, panlipunan at pang-ek onomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alangang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang

hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral**:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan-Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Uri ng Pamumuhay ng Mamamayan at ang Kaugnayan nito sa Kapaligiran**!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |

*Tuklasin*

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraantulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.

*Suriin*

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

*Pagyamanin*

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

*Isaisip*

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

*Isagawa*

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalinang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

| | |
|---|---|
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi saPagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing na papaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.

5. Tapusin ang kasalukuyang Gawain bagopumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Alam mo ba ang mga kapaligiran ng iba't ibang lalawigan ng ating rehiyon? Saan kumukuha ng ikinabubuhay ang mga tao sa inyong lugar? May kaugnayan ba ang kapaligiran at hanapbuhay sa inyong lalawigan?

Malaki ang kaugnayan ng kapaligiran sa uri ng pamumuhay ng mga tao sa lalawigan. Sa kapaligiran nagmumula ang ikinabubuhay ng mga tao sa isang lugar. Iniuugnay rin ng mga tao ang uri ng kasuotan, pananim, at gawain sa kanilang kapaligiran.

Sa araling ito, inaasahang:

1. Naipapaliwanag ang kaugnayan ng kapaligiran sa uri ng pamumuhay ng mamamayan sa lalawigan ng kinabibilangang rehiyon at sa mga lalawigan ng ibang rehiyon; (AP3AP-IvA-1)
2. nailalarawan ang uri ng ikinabubuhay ng kinabibilangang lalawigan ayon sa kapaligiran ; at
3. napahahalagahan ang mga hanapbuhay sa ating pamayanan.

## *Subukin*

Panuto: Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Anong lalawigan ang tinaguriang **Food Basket** ng rehiyon?
   a. Davao de Oro
   b. Davao del Sur
   c. Davao Oriental
   d. Davao del Norte

2. Anong lalawigan ang isa sa may pinakamalaking deposito ng ginto sa buong Pilipinas?
   a. Davao de Oro
   b. Davao del Sur
   c. Davao Oriental
   d. Davao Occidental

3. Ano ang pangunahing pangkabuhayan ng Davao del Norte?
   a. Agrikultura
   b. Pagmimina
   c. Pangingisda
   d. Pangangalakal

4. Anong lalawigan ang maunlad sa **small-scale gold mining activity**?
   a. Davao de Oro
   b. Davao del Sur
   c. Davao del Norte
   d. Davao Occidental

5. Kung ang ay lugar maraming yamang dagat, ano ang maaaring kabuhayan ng mga mamamayan dito?
   a. pagsasaka
   b. pagmimina
   c. pangingisda
   d. paghahayupan

## Aralin 1 — Kapaligiran at Ikinabubuhay sa mga Lalawigan ng Kinabibilangang Rehiyon

Ang uri ng kapaligiran ay malaking kaugnayan sa mga ikinabubuhay ng mga mamamayan. Sa araling ito malalaman natin ang iba't ibang uri ng kapaligiran sa ating rehiyon at kung paano ito iniuugnay ng mga mamamayan sa kanilang hanapbuhay.

## *Balikan*

Ano ang natutuhan ninyo sa nakaraang aralin. Isulat ito sagutang papel.

Ano ang mga kinagisnan mong kultura sa iyong rehiyon? Kaya mo bang gumawa ng payak na mapa na nagpapakita ng iba't ibang kultura ng inyong rehiyon?

***MgaTala para saGuro***

Mahalagang unawain ang gagawing pagbasa sa mga nilalaman ng modyul na ito upang mas mapadali at maging magaan ang mga nakalaang gawain para sa bawat aralin. Mas mainam na sunding mabuti ang mga panuto bilang gabay sa paggamit nito at matiyak na makamit ang mga layunin sa pagkatuto.

## *Tuklasin*

### DAVAO DEL SUR

Ang pangunahing hanapbuhay sa lalawigan ng Davao del Sur ay pagsasaka at paghahayupan dahil sa malawak na kapatagan, may mga burol ding makikita sa kapaligiran nito. Samantala sa mga lugar na malapit sa baybaying dagat, pangingisda ang ikinabubuhay ng mga mamamayan dito.

Tinaguriang Food Basket ng rehiyon ang lalawigan ng Davao del Sur. Ang Digos City ay ang pinakasentro ng lalawigan. Ito rin ang sentro ng kalakalan, industriya, transportasyon, komunikasyon, at edukasyon. Dahil sa uri ng lupa sa Digos City, ang paggawa ng paso ang ikinabubuhay ng mga tao rito.

## DAVAO DE ORO

Ang lalawigan ng Davao del Oro ang tinaguriang may malaking deposito ng ginto sa Pilipinas. Karamihan sa mga mamamayan dito ay pagmimina ang ikinabubuhay. May mga bahagi din ng lalawigan na agrikultura ang ikinabubuhay dahil sa sagana rito ang mga produktong bigas, durian, kakaw mangga, pinya, niyog, papaya at saging. Isa ang lalawigan ng Davao de Oro sa mga pinakamayamang lalawigan sa bansa.

## DAVAO DEL NORTE

Ang lalawigan ng Davao del Norte ay tinaguriang **Banana Capital of the Philippines** dahil ito ang nangungunang tagasuplay ng saging sa bansa at sa ibang bansa. Ang pagtatanim ng kape, mais, abaka, gulay niyog at saging ang mga pangunahing ikinabubuhay ng mga magsasaka. Pangunahing pangkabuhayan ng Davao del Norte ang agrikultura.

Sa ibang bahagi ng lalawigan na malapit sa baybayin may mga taong ang ikinabubuhay ay pangingisda. Maliban pa rito mayroon ding makukuhang alimango, halamang dagat, perlas, at

sugpo sa dagat na bahagi ng Gulpo ng Davao. Samantala, sa tubig-tabang naman mahuhuli ang bangus, dalag, hito, at tilapia.

Mapagkukunan din ang lalawigang ito ng mga yamang mineral katulad ng asupre, bakal, buhangin, ginto, pilak, at tanso. Ang mga **small scale gold-mining activity** ay maunlad din sa ilang mga lugar na ito.

## DAVAO ORIENTAL

Dahil sa malawak na taniman at produksiyon ng niyog, ang DavaoOriental ay tinaguriang **Coconut Capital of the Philippines**. Nangunguna ang lalawigang ito sa pagsuplay ng abaka sa katimugang bahagi ng Mindanao. Tinatayang umabot sa 7,110 ektaryang lupain ang natataniman ng abaka na may kabuoang produksiyon na 7,500 metriko tonelada. Sagana rin ang lalawigang ito sa yamang dagat kaya ito ang pangunahing tagasuplay ng isda sa mga kalapit na lalawigan.

Ang lalawigan ng Davao Oriental ay biniyayaan ng mga deposito ng metalikong mineral kagaya ng **nickel**, ginto, pilak, **manganese** at di-metalikong mineral gaya ng **marble** na matatagpuan sa kabundukan ng nasabing lalawigan kaya may mga mamamayan na pagmimina ang ikinabubuhay.

## DAVAO OCCIDENTAL

Ang Davao Occidental ay binubuo ng maburol at bulubunduking kapaligiran. Marami ring baybayin na nakapalibot sa lalawigan ng Davao Occidental. Ang mga hanapbuhay sa lalawigan ay pangingisda dahil sa marami itong yamang-dagat.

Ang nasabing lugar ay mainam napagtaniman ng paminta. Ang pangunahing hanapbuhay ng mga taga Davao Occidental ay agrikultura. Ikinakalakal nila ang produktong yamang-dagat, niyog at saging sa iba't ibang bahagi ng Mindanao. May mga naghahanabuhay din sa lalawigan sa pamamagitan ng turismo ng mga lugar gaya ng Sarangani at Balut Island.

## *Suriin*

Panuto: Sagutin ang sumusunod na katanungan.

1. Anong uri ng kapaligiran ang Davao Oriental? Ano ang pangunahing hanapbuhay dito?
   ______________________________________________

2. Paano iniangkop ng mga taga Davao Occidental ang uri ng kapaligiran sa kanilang hanapbuhay?__________________________________

3. Ano ang pagkakatulad ng Davao Oriental at Davao de Oro? ________________________________________

4. Kung ang lugar ay malapit sa baybayin at malawak ang dagat, ano ang pangunahing hanapbuhay rito?________________________________________

5. Sa kabuoan, paano maiuugnay ang uri ng kapaligiran at hanapbuhay ng lalawigan?________________________________________

## *Pagyamanin*

### Gawain 1

Panuto: Matapos mong mabasa ang mga impormasyong may kinalaman sa iba't ibang lalawigan ng rehiyon, punan mo ang mga hinihinging datos sa bawat kolum. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

| Lalawigan | Uri ng Kapaligiran | Pangunahing Hanapbuhay |
|---|---|---|
| 1. Davao de Oro | | |
| 2. Davao del Norte | | |
| 3. Davao del Sur | | |
| 4. Davao Occidental | | |
| 5. Davao Oriental | | |

## Gawain 2

Panuto: Mula sa **cross word puzzle** ay subukin mong hanapin sa anumang direksiyon, ang mga salitang may kinalaman sa hanapbuhay. Isulat ito sa sagutang papel.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | B | D | E | A | I | C | B | J | I | O | I | G | O | A |
| P | A | N | G | A | N | G | A | S | O | T | O | H | K | A |
| D | O | N | H | N | G | D | T | C | Z | A | Y | D | G | B |
| E | U | D | G | W | F | T | Y | T | D | K | H | E | T | P |
| A | Y | U | K | A | O | O | H | S | K | H | N | W | A | A |
| S | G | Y | L | I | N | P | I | K | A | W | G | D | W | G |
| H | H | S | O | I | O | G | A | K | I | S | D | F | G | M |
| T | J | D | I | G | N | U | A | I | O | F | W | T | W | I |
| H | K | R | S | I | I | J | S | L | O | R | E | S | T | M |
| N | O | I | G | J | U | S | D | F | A | T | W | O | P | I |
| I | P | N | O | L | S | C | G | D | G | K | S | F | R | N |
| I | A | S | D | R | T | Y | W | G | R | P | A | R | S | A |
| P | H | Y | S | D | G | R | W | Z | V | G | H | L | O | S |
| O | P | A | G | S | A | S | A | K | A | R | T | E | O | N |
| J | Y | T | T | S | R | H | M | I | S | C | B | G | H | Y |

1. ______________________

2. ______________________

3. ______________________


4. ______________________

5. ______________________

## Gawain 3

Panuto: Tingnan nang maigi ang mga larawan sa ibaba. Sa anong kapaligiran kaya ito makukuha/makikita? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.


___________1. 

___________2. 


___________3. 


___________4. 


___________5. 

___________6. 

___________7. 






___________8. 

___________9. 

___________10. 




## Gawain 4

Panuto: Pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B. Isulat sa sa sagutang ang titik ng tamang sagot.

| A | | B |
|---|---|---|
| ____1. |  | a. pagmimina |
| ___2. |  | b. turismo |
| ___3. |  | c. pagsasaka |
| ___4 |  | d. paghahayupan/ pagtotroso |
| ____5. |  | e. pangingisda |

## Gawain 5

Panuto: Punan ang hinihinging datos sa bawat kolum. Isulat ang sagot sa papel.

| Larawan | Uri ng Hanapbuhay | Sariling Paraan ng Pangangalaga sa Hanapbuhay |
| --- | --- | --- |
|  | | |
|  | | |
|  | | |
|  | | |
|  | | |


## Isaisip

Panuto: Punan ang bawat patlang upang mabuo ang pahayag batay sa araling natutuhan sa module na ito. Isulat ang ang sagot sa papel.

Malaki ang kaugnayan ng ___________ sa uri ng pamumuhay ng mga tao sa lalawigan. Sa kapaligiran nagmumula ang ___________ ng mga tao sa isang lugar. Iniuugnay ng mga tao ang kanilang ______, _______ at ________ rito.

## Isagawa

Panuto: Ibigay ang maaaring pangunahing hanapbuhay ng sumusunod na uri ng kapaligiran? Isulat ito sa sagutang papel.



# Tayahin

Panuto: Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang pangunahing hanapbuhay ng mga lalawigan na malapit sa baybayin?
   a. agrikultura
   b. pagsasaka
   c. pangingisda
   d. pangangalakal

2. Anong uri ng kapaligiran mayroon ang Davao del Sur ?
   a. malawak na kapatagan
   b. maraming yamang mineral
   c. may malaking deposito ng ginto
   d. mainam na taniman ng paminta


3. Ang Davao Oriental ay may malawak na taniman at produksiyon ng _________.
   a. bigas
   b. niyog
   c. saging
   d. paminta

4. Dahil mainam taniman ang lupa ng Davao Occidental ng paminta at mayroon itong mahabang baybayin, ano ang pangunahing hanapbuhay dito?
   a. pagmimina
   b. pangingisda
   c. pagsasaka at pagmimina
   d. pangingisda at pagsasaka

5. Paano naiuugnay ang kapaligiran sa ikinabubuhay ng kinabibilangang lalawigan?
   a. inaangkop nila sa kanilang pananim sa kanilang mga kagustuhan
   b. nagmumula ang kanilang ikinabubuhay sa kanilang kapaligiran
   c. iniuugnay nila ang kanilang gawain at pananim sa kanilang paniniwala
   d. lahat nang nabanggit

# *Karagdagang Gawain*

Panuto: Pumili ng sa isang lalawigan sa ating rehiyon at isulat ang mga hinihinging impormasyon  na nasa chart sa ibaba. Isulat ito sa sagutang papel



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. b
2. a
3. a
4. c
5. c

**Pagyamanin**

Gawain 1

| | Uri ng Kapaligiran | Hanapbuhay |
|---|---|---|
| 1 | malawak na kapatagann | pagsasaka |
| 2 | bulubundukin | agrikultural |
| 3 | kapatagan at malapit sa baybaying dagat | pangingisda at pagtatanim |
| 4 | malawak na taniman ng niyog | pagsasaka |
| 5 | malapit sa baybaying dagat | pagsasaka at pangingisda |

Gawain 2

1. pangingisda
2. pangangalakal
3. pagmimina
4. pangangaso
5. pagsasaka

Gawain 3

1. malawak na kapatagan
2. malawak na kapatagan/mabundok
3. lupang maninam taniman ng paminta
4. maraming depositing mineral
5. baybaying dagat/may karagatan
6. maraming depositing mineral
7.kapatagan/mabundok
8.mabundok/kapatagan
9.malawak na kapatagan
10. baybaying dagat/may karagatan

Gawain 4

1. b
2. d
3. c
4. e
5. a

Gawain 5

| | |
|---|---|
| pangingisda | Hindi mgatapon ng basura sa dagat |
| pagsasaka/ pag-aalaga ng mga hayop | Magtanim ng mga kahoy , iwasanag magputol ng kahoy |
| pagmimina | Hindi aabusohin ang kalikasan |
| pagsasaka | Magtanim ng mga kahoy , iwasanag magputol ng kahoy |
| pagsasaka/ pag-aalaga ng mga hayop | Magtanim ng mga kahoy , iwasanag magputol ng kahoy |

**Isagawa**

1. Malawak na kapagatan
   - Pagtatanim
   - Pagsasaka
2. maraming yamang mineral

   Pagmimina
3. mahabang baybayin
   - Pangingisda
   - *Seaweed* farming

**Tayahin**

1. c
2. a
3. b
4. d
5. d

# *Sanggunian*


Gabay Pangkurikulum pahina. 36 AP3EAP-IVA-1

Thea Jy G. Manalo, Charity A. Capunitan, Walter F. Galaraso at Rodel C. Sampong/ Unang Edisyon 2015/ Araling Panlipunan 3 Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya pp. 487-495

https://en.wikipedia.org/wiki/Davao_Occidental

https://en.wikipedia.org/wiki/Davao_del_Sur

https://en.wikipedia.org/wiki/Davao_de_Oro

https://en.wikipedia.org/wiki/Davao_del_Norte

https://en.wikipedia.org/wiki/Davao_Oriental

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph